Ang mga opisyal na balota at materyal sa halalan ng County ng Fresno ay nakalimbag sa mga wikang Ingles at Espanyol at magagamit sa lahat ng lokasyon ng botohan.

Bilang karagdagan, mayroong tulong sa botante at mga kopya ng balota sa mga wikang Punjabi, Hmong, Tsino, Biyetnames, Koreano, Khmer, at Tagalog sa mga itinalagang lokasyon ng presinto sa County ng Fresno. Ang mga botanteng mangangailangan ng tulong ay maaaring magdala nang hanggang dalawang tao upang tulungan sila sa pagmarka sa kanilang balota sa lokasyon ng botohan. Ang botanteng magsasagawa ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na nakatira sa isang itinalagang presinto ay maaaring tumawag, magpadala sa koreo, mag-fax o mag-email ng kahilingan na makatanggap ng kopya ng balota sa Punjabi, Hmong, Tsino, Biyetnames, Koreano, Khmer, at Tagalog sa pamamagitan ng koreo. Dapat ay matanggap ng opisyal ng halalan ang kahilingan nang hindi lalampas sa 7 araw bago ang isang halalan. Makikita ang isang listahan ng mga itinalagang lokasyon ng botohan at ang tulong sa tinukoy na wika sa www.FresnoVote.com